

Ang Mga Dapat Malaman ng  
Bagong Mamamayan Ukol Sa

# Batas sa Krimen

Ang kasulatang ito ay  
nagpapaliwanag ng mga batas  
na pinairal laban sa mga  
bantang panganib at mabuting  
pamumuhay ng katauhan.

## ● Anong tulong ang maibibigay sa mga biktima ng krimen?

Maraming sangay ng pagtulong sa ibat-ibang lugar ng Nova Scotia para sa biktima ng krimen. Ang pagtulong ay naayon sa uri ng krimen at sa lugar na hinihingan. Mabuting humingi muna ng tulong sa “Victim Services Program” na kagawad ng “Nova Scotia Department of Justice”. Ang asawa at kamag-anak ng biktima ay mabibigyan din ng tulong. Ang kagawad na ito ay tutulong sa paghandang pangangailangan sa hukuman, tulad ng paghanda sa ebidensiya. Makapagrerekomenda din sila ng iba pang sangay na tumutulong. Bisitahin ang “website”: [http://gov.ns.ca/just/victim\\_Services/programs.asp](http://gov.ns.ca/just/victim_Services/programs.asp)

### Mga karagdagang karunungan:

Simulang maghanap sa inilalahad ng “LISNS online legal information”. Maraming paksa ukol sa batas ang: [www.legalinfo.org](http://www.legalinfo.org)

Narito ang iba pang talaan ng tanggapan ng “Legal Aid”: [www.nslegalaid.ca/contact.php](http://www.nslegalaid.ca/contact.php)

Kung sa iyong palagay ang pulis o` ang RCMP ay nagbigay ng hindi magandang pakikitungo sa iyo, isumbong sa tanggapan ng “Complaints Commissioner’s Office”

Police Complaints Commissioner’s Office

Phone: (902) 424-3246

E-mail: [polcom@gov.ns.ca](mailto:polcom@gov.ns.ca)

Commission for Public Complaints Against the RCMP

By E-mail: [org@cpc-cpp.gc.ca](mailto:org@cpc-cpp.gc.ca)

Walang bayad na pangmalayuang tawag sa buong

Cnada: 1-800-665-6878

<http://www.cpc-cpp.gc.ca/index-eng.aspx>

*Sa mga suliranin ukol sa batas, kumausap ng abogado. Ang polyetong ito ay naglalahad ng karaniwang batas sa Canada at hindi sinsakop ang tunay na payo ng abogado.*

**LEGAL Information**  
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

5523 B Young Street  
Halifax, Nova Scotia  
Canada B3K 1Z7

**NOVA SCOTIA**

Nilikha sa tulong nang  
Probinsya ng Nova Scotia  
March 2012

## ● Ano ang mga parusa sa binigyan ng tiket na lumabag sa batas ng trapico?

Ang lumabag sa batas ng trapiko ay pinagbabayad ng multa tulad ng, maling pagparada sa daanan. Sa ibang malubhang paglabag ng batas sa trapiko (Motor Vehicles Act), ikaw ay magkakaroon ng puntos sa iyong pansariling rekord. Ang iyong lisensiya sa pagmamaneho ay maaring pansamantalang alisin o` alisin ng anim (6) na buwan. Ang mga bagong nagmamaneho na lumabag ng batas ukol sa trapiko ay binibigyan ng mas mabigat na parusa.

Ang magkaroon ng lisensiya sa pagmamaneho ay isang pribilehiyo. Ang pribilehiyong ito ay mawawala kung ang nagmamaneho ay hindi responsable at walang ingat. Ang natanggap na tiket ay mahalaga at hindi dapat ipag-walang bahala. Kung iyong inaakala ikaw ay hindi lumabag sa batas ng trapiko, at hindi dapat namultahan, maaari mong dalhin ang iyong kaso sa hukuman.

## ● Paano ako makakakuha ng walang bayad na abogado (free Legal aid)?

Ang mga naisakdal na mamamayan na maaring makulong o` ihimpil ng pulis, at walang maibayad sa abogado, ay binibigyan ng Nova Scotia ng libreng tagapayo ukol sa batas. Ang Nova Scotia ay may binalak na paraan upang matulungan ang mga hindi makabayad. Ito ay tinatawag na “Legal Aid”. Ang “Legal Aid” ay siya ring tumutulong sa mga kaso ng batas pampamilya at kahirapan. Makakahingi ng tulong sa “legal aid” kung tatawagan o` puntahan ang tanggapan ng “Nova Scotia Legal Aid Office”. Mayroong nakaulat sa katapusang pahina ukol sa pakikipag-ugnay sa mga abogado ng “Legal Aid”.

Ang mga sumusunod na kaalaman ay kailangang ibigay sa “Legal Aid”:

- Katunayan ng iyong katapusang kita at kopya ng bayad sa buwis o` babala ukol sa tasa ng buwis (pay stub, Income tax Return or Notice of Assessment)
- Mga dokumento ng hukuman at papeles ukol sa sakdal na kriminal at iba pang mga bagay na utos ng hukuman
- Katibayan ng iyong pagkakakilala (identification), tulad ng tarheta ng kalusugan (health card) o` lisensiya ng pagmamaneho

## ● Sino ang maghahatol kung ako ay may kasalanang kriminal?

Ang hukom ang may kapasiyahan kung ikaw ay mayroon o` walang sala. Ang pulis na nagsakdal sa iyo ay magbibigay ng takdang araw upang humarap sa hukuman. Kailangang kumuha at humingi ng payo sa abogado bago humarap sa hukuman. Siya ang makapagpapaliwanag ng mga mangyayari sa hukuman. Ipapaliwanag din ng abogado ang igagawad na parusa kung matagpuan na ikaw ay may sala.

Ang mga nakahimpil sa hukuman na mga abogado (Legal aid) ay nagbibigay ng mga payo na walang bayad kung wala kang kakayanan makabayad.

Kung wala ka pang kausap na abogado para sa unang pag-harap ng hukuman, humiling ng pahintulot sa hukom na mabigyan ka ng panahon upang makahanap ng abogado. Sabihin sa abogado o` sa hukom kung ikaw ay nangangailangan ng tagasalin sa ibang wika.

## ● Mailalagay ba ang pangalan ko sa talaan ng krimen (criminal record)?

Kausapin ang abogado ukol dito. Ang iyong pangalan ay malalagay sa talaan ng krimen kung mapatunayan na lumabag ka ng batas ukol sa krimen (criminal offence). Gayunpaman, mayroong hatol ang hukom na hindi nagbubunga sa pagkakaroon ng pangalan sa talaan ng krimen. Makipag-ugnayan ka sa abogado mo ukol dito. Hindi mailalagay ang iyong pangalan sa talaan ng krimen kung ang kasalanan ay paglabag sa batas ng trapiko, tulad ng mabilis na takbo ng sasakyan.

## ● Mayroon bang kahulugan ang pagkakalagay ng aking pangalan sa talaan ng krimen ukol sa katayuan ng aking pangdarayuhan?

Maaaring magkaroon ng bagay kung ikaw ay napatunayan na may malubhang kasalanan. Bawat pangyayari ay magkakaiba. Humingi ng payo sa abogado ukol dito at tanungin kung ikaw ay kailangang kumausap sa abogado na nakakaalam sa pangdarayuhan (immigration lawyer).

Hangad ng batas na mapangalagaan ang lahat laban sa mgamagbibigay panganib sa mamamayan ng Canada. Ang maglagay ng panganib sa kapwa ay tinatawag na krimen o` kasalanan sa batas (crimes or offences). Ang lumabag ay pinarurusahan ayon sa patakaran na isinagawa ng batas sa krimen. Batas sakrimen (criminal law) ay nilikha ng pamahalaan ng Canada. Ang pamahalaan ng mga probinsiya at lokal na sambayanan ay may sariling batas upang mapangalagaan ang mga mamamayan laban sa mga magbibigay panganib tulad ng, matuling pagpapatakbo ng sasakyan, paglalasing ng wala pa sa tamang gulang, at labis na pag-iingay. Ang mga halimbawang ito ay hindi paglabag sa batas ng krimen subalit mayroon ding kapantay na parusa. Maaring magbayad ng multa at maaari din alisan ng lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan.

### ● **Ano ang bahaging ginagampanan ng polisiya?**

Ang pulis ay may mahalagang katayuan sa pagpapairal ng batas at katarungan. Sila ay tumutulong sa pagsugpo ng krimen, paglikha ng kapayapaan sa sambayanan, nagpapatupad ng batas, magsiyasat sa krimen, likumin ang mga ebidensiya, at mag sampa ng sakdal kung may saksi na lumabag sa batas ang tao. Bukod sa pagtulong at pagsaklolo sa biktima, sila ay nagpapatupad ng batas ng probinsiya at pook ng sambayanan. Tulad ng, batas sa trapiko, ingay, at pag-inom ng alak. Dalubhasa ang pulis sa kanilang hanapbuhay at kailangan nilang sumunod sa mataas na katayuan ng kanilang propesyon. May karapatang magsumbong ang mamamayan kung inaakala na hindi makatarungan ang pakikitungong pulis.

### ● **Ano ang mangyayari kapag tumawag ng Pulis?**

Kakausapin at kukuha ng mga pahayag ang pulis sa mga saksi sa pook ng krimen. Ang itinatagal ng pulis sa lugar ng krimen ay nakasalalay sa uri o` kung gaano kalubha ang pangyayari. Mga halimbawa: krimen na mayroong gumamit ng armas at may nasaktan lalo na kung bata ang sinaktan, sumbong na may nagnakaw ng bisikleta.

### ● **Dapat ba akong sumagot sa mga katanungan ng pulis?**

Hindi kailangan sagutin ang mga katanungan ng pulis subalit, ang pasiya mo ay nakabatay sa uri ng pangyayari. Ibigay ang iyong pangalan at tirahan kung ikaw ang tumawag ng pulis, o` kailangang sulatan ka ng tiket, o` kaya naman ay binigyan ka ng babala upang humarap sa hukuman. Hindi ka inaasahang tumulong sa pulis, ngunit kung humingi ng makatwirang tulong sa iyo, makabubuting makipagtulungan. Kung ikaw ang pinaghinalaan na may sala, humingi ng payo sa abogado bago magbigay ng pahayag sa pulis.

### ● **Ano ang mangyayari kung napaghinalaan ako ng pulis na gumawa ng pagkakasala sa batas?**

Maari kang kausapin upang sumama sa himpilan ng polisiya. Ikaw ay makakatangi kung hindi ka dinadakis. Hindi ka makakatangi sa pagsama kung ikaw ay dinadakis.

Maaari kang dakipin ng pulis kung:

- Merong mandamiyento (warrant). Ang mandamiyento ay katibayan galing sa hukuman upang ikaw ay madakis.
- May paniniwala ang pulis na ikaw ay lumabag sa batas o` lalabag sa batas.

### ● **Ano ang mangyayari kung ako ay inaresto o` nadakis?**

Maaring dalhin ka ng pulis sa himpilan at maisakdal o` bigyan ng babala (warning). Maaring pauwiin ka makalipas ang dalawampung apat (24) oras ng pagkadakis. O` kaya naman ay maari ka rin mabigyan ng babala (notice) upang humarap sa hukuman. Kung nais ng pulis na pigilan ka ng mahigit pa sa dalawampung apat (24) na oras, dadalhin ka niyang humarap sa hukom na maghahatol kung ikaw ay palalayain o` manatili sa himpilan. Ang pulis ay nararapat magbigay ng katibayan sa iyo na siya ay tunay na pulis. Dapat ilahad niya sa iyo ang mga patakaran na sinusunod sa pagdakip ng lumabag sa batas.

Ang mga sumusunod ay kailangang sabihin sa iyo ng pulis:

- dahilan ng pagdakip;
- ang iyong karapatan na mabigyan ng panahon upang makipagg-usap sa abogado;
- bigyan ka ng numerong matatawagan upang makahingi ng walang bayad na payo galing sa abogado;
- wala kang dapat sabihin subalit ang ano mang iyong sasabihin ay maaaring gamiting saksi laban sa iyo pag-harap sa hukuman.

Gamitin mo ang iyong karapatan sa paghingi ng payo sa abogado bago magbigay ng pahayag sa pulis. Kung wala kang abogado, ang pulis ay makapagbibigay ng numero ng abogadong nakahimpil sa hukuman (duty counsel). Ang mga abogadong ito ay araw-araw na nagbibigay ng walang bayad na payo sa mga nadakis at mga naghihintay humarap sa hukom.

### ● **Makakahiling ba ako ng tagapag-salin sa ibang wika?**

Oo. Ang pulis ay maglalaan ng tagapag-salin sa ibang wika kung kinakailangan.

### ● **Ano ang mangyayari kung ang aking batang anak ay madakis?**

Dapat ipaalam ng pulis sa magulang ang pagdakip sa batang anak. Nararapat ipaliwanag at tiyakin ng pulis na alam ng bata ang kanyang mga karapatan. May karapatan ang bata na tumawag ng abogado at ng isang magulang o` nakakatanda sa pagkausap at pagtatanong ng pulis. Hindi kinakailangang sagutin ng bata ang mga tanong ng pulis subalit, kung magbigay siya ng pahayag, ang tawag dito ay “giving a statement”. Walang karapatan ang pulis na dumakis sa bata na wala pang labindalawang (12) taon. Maaring samahan ng pulis ang bata sa pag-uwi ng tahanan o` papuntahin ang magulang upang kaunin sa himpilan. Kailangan na makipag-alam ang pulis sa departamento na nauukol sa pangangalaga at pagtanggol sa mga bata (Child Protection Services) kung walang kakaon at inaakala ng pulis na nasa panganib ang bata.

### ● **Kailangan bang humarap sa hukuman ang anak ko?**

Hindi. Kung ang kabataan ay nasa gulang na labindalawa (12) hanggang labimpito (17), ang pulis ay maaaring:

- walang gawin
- magbigay ng salitang babala
- magbigay ng kasulatan na nagbababala upang lumayo sa gulo ang bata.
- ipadala ang kabataan sa programa na magtuturo ng pagbabagong-tatag
- magbigay sakdal ukol sa batas na nilabag.

Ang bata na walang labindalawa (12) taon ay hindi maisasakdal ng pagkakasalangkriminal.

### ● **Ano ang katarungang pagbabagong-tatag (Restorative Justice)?**

Ang katarungang ito ay nauukol sa mga paraan upang ang kabataan na nanganganib dahil sa kanyang pagkakamali ay mabigyan ng pagkakataon na tanggapin ang kamalian at magawan niya ng wasto ang mga naging biktima ng kamalian.

Ang sadyang unang mangyayari ay makikipag-usap ng harapan ang kabataang nagkamali sa ginawan niya ng pagkakasala at sa mga kasapi ng lipunan. Ang matapat na pag-amin ng kamalian ay gagawin sa ligtas na lugar. Ang kabataang nagkasala ay masigasig na tutulong upang maiwasto ang mga kamalian ng nagawa sa biktima at sa lipunan. Harap-harapan na pakikinggan ng kabataang nagkamali ang ibinunga ng kanyang sala. Maaring humingi ng payo ang nagkamali ukol sa kanyang pagkukulang na bumunga ng kamalian.

Ang mga kabataan na nagkamali ay kalimitang isinasangguni muna ng pulis o`RCMP sa paraan ng pagbababagong –tatag bago hatulan. .

Kaalaman ukol sa mga samahan ng katarungang pagbabagong-tatag (Restorative Justice) sa Nova Scotia ay mabibisita sa: [www.gov.ns.ca/just/rj/programs.asp](http://www.gov.ns.ca/just/rj/programs.asp)